



**Paunawa ng Pampublikong Pagdinig
Community Development Block Grant (CDBG)
Pagsusuri ng mga Aplikasyon na Natanggap para sa Pagbuo ng Taunang Planong
Aksyon (AAP) ng 2025-2026/ Pinag-isang Plano (Con Plan) ng 2025-2030**

Pampublikong Pagdinig #1.

ANG PAUNAWA AY IBINIBIGAY SA PAMAMAGITAN NITO na ang Konseho ng Lungsod ng Milpitas ay magsasagawa ng isang Pampublikong Pagdinig sa regular ng pulong ng Konseho ng Lungsod nang personal sa Kamara ng Konseho ng Lungsod sa City Hall, matatagpuan sa 455 E. Calaveras Blvd., Milpitas **sa Martes, Enero 21, 2025**, magsisimula sa o kaagad pagkaraan ng 7:00 p.m. Ang layunin ng Pampublikong Pagdinig ay humingi ng direksyon ng Konseho ng Lungsod at komunidad ng Milpitas sa mga aplikasyon na natanggap para sa Taunang Planong Aksyon at sa pagbuo ng Pinag-isang Plano ng 2025-2030.

ANG MGA INTERESADONG TAO AY MAAARING magbigay ng mga komento ng publiko sa panahon ng pampublikong pagdinig nang personal sa pamamagitan ng pagsunod sa mga instruksyon na nakalista sa adyenda ng pulong ng Konseho ng Lungsod o magsumite ng mga nakasulat na komento bago ang pagdinig sa pamamagitan ng pag-email sa Klerk ng Lungsod sa cityclerk@milpitas.gov. Ipinagbibigay-alam na ang mga nakasulat na komento ay hindi babasahin sa panahon ng pulong. Ang mga nakasulat na komento ay digital na ipamamahagi sa Konseho ng Lungsod at magiging bahagi ng pampublikong rekord ng pulong na ito,

Alinsunod sa Batas sa mga Amerikanong May Kapansanan, ang Lungsod ng Milpitas ay gagawa ng mga makatwirang pagsisikap upang bigyan ng kaluwagan ang mga taong may kapansanan. Kung ikaw ay nangangailangan ng espesyal na kaluwagan, mangyaring kontakin ang Housing Team sa (408) 586-3222, housing@milpitas.gov.

Suzanne Guzzetta
Klerk ng Lungsod
Petsa ng Publikasyon: Disyembre 6, 2024